SHEILA C. DOMINGO is herein represented by her husband **ROZALDO M. DOMINGO** as her Attorney-In-Fact
LOT 15, BLOCK 6 DON CARLOS VILLAGE II, PASAY CITY, METRO MANILA
LOT 31, BLOCK 63, TAHANANG YAMAN HOMES, BUENAVISTA, GENERAL TRIAS, CAVITE

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

Publication: HANEP Dec. 20, 27, 2021 & Jan. 3, 2022

Nearly 50M Filipinos
already fully vaccinated

MANILA – The Philippines has already administered 108,853,491 doses of the coronavirus vaccines, including second shots for 49,853,264 Filipinos and 1,847,926 booster or additional doses, as of Monday. The country's total vaccines doses received stand at 210,633,110, both procured and donated, as of the end of 2021.

National Task Force (NTF) Against Covid-19 chief implementer, Secretary Carlito Galvez Jr. warned the country is "not yet out of the woods" as the cases are spiking once again. He reminded of the need to inoculate more Filipinos as much as possible, especially the elderly and those with comorbidities.

"As what we have said, vaccine supply is no longer a concern, as we now have sufficient doses to fully inoculate more than 100 million Filipinos. The greater challenge now is how to get these Covid-19 jabs into the arms of our countrymen as soon as possible," Galvez said in

his year-end message. The start of the year, according to Galvez, is another chance to encourage the unvaccinated to get jabbed and for the eligible ones to avail of booster shots.

Local government units must also continue to strengthen their prevent-detect-isolate-treat-reintegrate (PDITR) strategies and impose granular lockdowns if necessary.

"We also need to continuously upgrade our Covid-19 health care facilities throughout the country by adding more beds, oxygen tanks, and Covid-19 medicines," he added.

Galvez said the NTF is adamant to achieve its target population protection of at least 77 million fully vaccinated Filipinos by the first quarter this year.

"As the Duterte Administration enters its final year, the National Task Force on Covid-19 is committed to fulfilling its mandate of protecting the health of the Filipino people, as we revive our nation's economy," he stated. (PNA)

ERRATUM

NOTICE is hereby given that the notice of extra-judicial sale re **HDMF vs ILOMAR E. BATISLAON**, under FORECLOSURE CASE NO. **F-0890-14** was erroneously published in this newspaper "HANEP", dated Dec. 20, 27, 2021 & Jan. 3, 2022, as "along 4-5" instead of "along line 4-5" which was the correct entry.

HANEP: January 10, 2022

ERRATUM

NOTICE is hereby given that the notice of extra-judicial sale re **HDMF vs ROZALDO M. DOMINGO** married to **SHEILA C. DOMINGO** **SHEILA C. DOMINGO** is herein represented by her husband **ROZALDO M. DOMINGO** as her Attorney-In-Fact, under FORECLOSURE CASE NO. **F-331-18** was erroneously published in this newspaper "HANEP", dated Dec. 20, 27, 2021 & Jan. 3, 2022, as "Psd-04163932" instead of "**Psd-04-163932**" which was the correct entry.

HANEP: January 10, 2022

Implementasyon ng Pangatlong Debit-Credit Payment Method tuloy na

Ipatatupad ng PhilHealth ang pangatlong Debit-Credit Payment Method (DCPM) sa buong bansa. Ito ay bilang tugon ng ahensya sa panawagan ng mga Health Facilities sa agarang pagbabayad ng kanilang mga claims na naipasa na sa PhilHealth.

Ang DPCM o Debit-Credit Payment Method ay isang porma ng payment mechanism sa siyang katugunan ng PhilHealth sa panahon ng pandemya simula pa noong taong 2020 ng unang manalasa ang covid19 sa bansa.

Kaugnay nito, nakipagpulong ang pamunuan ng PhilHealth Regional Office IVA sa pangunguna ni Acting Regional Vice President Arlan M. Granali sa mga miyembro ng Private Hospital Association of the Philippines (PHAPI) - Quezon Chapter para makapagbigay ng paglilinaw sa mga polisiya sa ilalim ng DCPM at mabigyang klaripikasyon sa gagawing claims reconciliation. Ayon sa Pangulo ng PHAPI - Quezon Chapter Dr. Juan Eugenio Villanueva, humingi sila ng pagpupulong upang maresolba ang kanilang hiling na mabayaran ang kanilang mga pending hospital claim. Aniya, "Ano ang hakbang na gagawin ng PhilHealth para mabayaran ang hospital?"

Binigyang kasiguraduhan naman ni ARVP Granali na agarang ipo proseso ang mga aplikasyon ng mga pasilidad sa DCPM upang ito ay mai-release na sa laalong madaling panahon.

Nagbigay din ng suportang PHAPI-Quezon Chapter sa PRO IVA na patuloy silang makikipagtulungan sa PhilHealth para sa ad-bokasiya na makapagbigay ng serbisyong medikal. Gayundin, nakipagpulong si PCEO Atty. Dante Gierran, COO Eli Dino D. Santos at ang PRO IVA officers kay Quezon Governor Danilo Suarez patungkol sa pagpapatupad ng DPCM. Pinasalamatang ni PCEO Atty. Gierran at ARVP Granali ang pamunuan ng

Probinsya ng Quezon sa pagbabalik ng ng pondong hindi nagamit nagkakahalaga ng Php 83 million na mula sa Interim Reimbursement Mechanism o IRM.

Mayroon 65 na pasilidad ang nag-avail ng DPCM 1 buong Region 4A at patuloy din ang pakikipag-ugnayan ng PhilHealth Regional Office IVA Reachout team sa mga hospitals na may aplikasyon ng 20 pasilidad sa DCPM2.

Upang ma-avail ng isang Health Facility ang DPCM, kinakailangan makapasa sa mga sumusunod na pannotunan:

□ Walang balanse sa Interim Reimbursement Fund

□ May Covid-19 package claim na kahit isa

□ Walang penalty o suspension sa loob ng applicable period

□ Para sa mga Health Facility na naka-avail ng DPCM 1 and 2, maaari pa din silang mag-avail kung atleast 20% ng nairerelease na halaga ng DPCM ay na reconcile na. Sa kasalukuyan, mayroong 8 Health Facilities sa Region IVA ang nagpasa ng kanilang Letter of Intent sa PhilHealth para makaavail ng DPCM:

1. Pagamutan ng Dasmariñas

2. Westlake Medical Center

3. Global Care Medical Center of Canlubang Inc.

4. Christian General Hospital

5. First Cabuyao Hospital and Medical Center

6. Calamba Medical Center

7. St. Jude Family Hospital

8. The Medical City South Sa kabila ng implementasyon ng DCPM, tuloy tuloy ang pagbabayad ng PhilHealth sa mga pasilidad na tinatayang umabot na sa Php 165.8 billion simula Enero 2020.

Para sa ibang detalye ukol sa DPCM, maaaring bisitahin ang PhilHealth website www.philhealth.gov.ph at hanapin ang PhilHealth Circular No. 2021 - 0023. ### (jpc)

Cash Incentive, ipinamahagi sa lungsod ng Sto. Tomas

LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)—Namahagi ang pamahalaang lungsod ng Sto. Tomas ng honorarium bilang cash incentive gift sa mga lingkod-bayang pambarangay noong ika-29 ng Disyembre.

Ang naturang honorarium na nagkakahalaga ng dalawang libo bawat isa ay personal na tinanggap ng mga Barangay Health Workers (BHW), Barangay Migration Information Officer (MIO) at Barangay Nutrition Scholars (BNS).

Ang pamamahagi ay pinangunahan ng City Treasurer's Office.

Totoy, 3 pa; dinakma sa tupada

BITBIT ng Cavite police ang 16-anyos na menor de edad at tatlong iba pa habang nagsasagawa ng tupada sa Naic, Cavite Linggo ng hapon.

Kinilala ang mga naaresto na sina alias JR, Sofronio Guardiano, 48; Renato Escarlán, 49; at Kint Ramos, 56, pawang residente ng Balsahean, Naic.

Sa ulat ni Corporal Ronald Abalos, ng Naic Police

Parak biglang bagsak, tigbak

NASAWI ang isang miyembro ng Philippine National Police (PNP) na umano'y bigla na lamang bumagsak habang nagsasagawa ng inspeksiyon sa Naic, Cavite Linggo ng hapon.

Ininugod pa sa First Filipino Saint Hospital ang biktimgang si PSSgt Jesus Amploquio Daban, 55, may-asawa, miyembro ng PNP Maritime na naka-assign sa Cavite Maritime Police Station, Brgy Julugan, Tanza.

4 katao, tiklo sa pamumutol ng kable

KULONG ang apat na lalaki matapos pumutol ng mga kable ng telepono na nagkakahalaga ng P48,000 sa Silang, Cavite.

Kasong qualified theft ang kinaharap nina Erwin Tampes, 28, driver-technician; Jeffrey Opriano, 36, driver-technician; Vincent Melver Santos, 19; at Raymond Condino, 37, dahil sa reklamo ng PLDT.

Sa ulat ni PMSgt Johnny Dumangeng, ng Silang Police Station, nagsasagawa ng pagpapatrulya ang

Nauna rito, tumanggap na din ng kanilang honorarium ang mga miyembro ng Rural Improvement Club Presidents; Farmers Association President, Barangay BCPC-VAWC Officers at Barangay Animal Health Worker.

Samantala, nakatakdang tumanggap ng kanilang honorarium noong Disyembre 31, 2021 ang mga pampublikong guro. **(BHABYP. DE CASTRO-PIA BATANGAS with reports from CIO STO. TOMAS)**

Station, ala-1:30 ng hapon ay nagsagawa ng anti-illegal gambling operation ang mga operatiba ng Naic MPS sa Sitio Ilaya, Brgy Timalan, Balsahean, kung saan naaktuhan ang apat habang nagsasagawa ng tupada.

Narekober sa lugar ang dalawang sasabungin, dalawang tari at P1,200 na pusta. **GENE ADSUARA**

Sa ulat ni PSSgt Richard Atienza, ng Naic Police Station, naglalakad ang biktima habang nagsasagawa ng inspeksiyon sa gilid ng Seaside Resort sa Brgy Bagong Kalsada, na bahagi ng kanyang trabaho na intelligence operatives nang bigla na lamang umanong bumagsak.

Dinala pa ang biktima sa ospital subalit idineklarang dead on arrival at sinasabing inatake ito. **GENE ADSUARA**

mga guwardiyang sina Jeffrey Hinayon, 36; at Erwin Malaylay, 41, sa kanilang nasasakupan partikular ang pag-aari ng PLDT sa kahabaan ng Aguinaldo Highway, Brgy Lalaan 2nd Silang, dakong alas-1:03 ng hapon at napansin ang puting van na may Miescor marking na nagpuputol ng kable ng PLDT at saka inilalagay sa loob ng sasakyan at saka mabilis na umalis.

Hinabol ng dalawa ang sasakyan ng mga suspek

Naligong senglot, tepok

NALUNOD matapos na naligo na lasing ang 37-anyos na tricycle driver at natagpuang nakalutang sa ilog sa Brgy Cabuco, Trece Martires City, Cavite Linggo ng umaga.

Hinihinalang may ilang minuto ng patay ang biktimgang si Edilberto Edem, ng Sunshine Ville Brgy Cabuco.

Sa ulat ni PSSgt Rene Bibon, ng Trece Martires City, isang Freddie Baclas, residente ng Brgy Cabuco,

ang nakakita sa biktima na nakalutang ang katawan at wala ng buhay sa ilog sa gilid ng Sunshie Ville, Subd., dakong alas-10:00 ng umaga.

Ayon kay Bibon, lasing umano ang biktima at nakatuwaang maligo hanggang na nakita na lamang itong nakalutang.

Inaalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay nito. **GENE ADSUARA**

4 SITIO ELECTRIFICATION PROJECTS NG TIELCO, NEA, TAPOS NA

ODIONGAN, Romblon (PIA) -- Napailawan na bago mag-Pasko ng Tablas Island Electric Cooperative, Inc. (TIELCO) ang tatlong Sitio sa Calatrava at San Jose, Romblon na matagal ng hindi naabot ng kuryente.

Ayon kay TIELCO General Manager Dennis Alag, ang mga sitio na ito ay ang Upper Tondo at Purok 1 sa Barangay Linao, Calatrava; at Sitio Upper Pawa sa Barangay Combot, San Jose. Bahagi ang nasabing proyekto ng Sitio Electrifi-

cation Projects na pinondohan ng National Electrification Administration (NEA) para sa taong 2021.

Ngayon ay hindi na magtititis sa lampara ang mga residente ng lugar dahil magkakaroon na sila ng supply ng kuryente na matagal na rin nilang ginugustong pero pahirapang maabot dahil sa layo ng mga nabanggit na sitio.

Napailawan na rin bago mag bagong taon ang Sitio Lumandong sa Bgy. Limon Norte sa Loooc, Romblon. **(PJF/PIA Mimaropa)**

Caloocan pinaigting ang COVID Omicron response

LUNGSOD CALOOCAN, (PIA) -- Mas pinaigting ng Lungsod Caloocan ang COVID-19 response nito laban sa Omicron variant at sa mabilis na pagtaas ng mga kaso ng coronavirus disease sa Metro Manila nitong mga nakaraang linggo,

Ayon kay Mayor Oca Malapitan, kinakailangang patuloy na maging handa ang lokal na pamahalaan sa posibilidad na tumaas pa ang mga kaso ng COVID-19. Ipinag-utos din ng Punong-Lungsod na mahigpit na ipatupad ang Alert Level 3 status sa buong lungsod simula bukas, January 3, 2022.

Nagpatawag ng pulong nitong Linggo si Mayor Oca upang talakayin ang mga

hanggang sa nakorner sa Brgy Sabutan ng at narekober ang tinatayang mahigit sa 8 pulgadang haba ng kable na nagkakahalaga ng P48,000. **GENE ADSUARA**

update at mga programang ginagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Caloocan para sa COVID-19 response, partikular na sa Omicron variant.

Kabilang sa pulong na ito sina Secretary to the Mayor Betsy Luakian-Kaw, City Administrator Engr. Oliver Hernandez, at mga department heads mula sa City Health Department, Command Center, City Disaster Risk Reduction and Management Office, Caloocan City Medical Center, Caloocan City North Medical Center, CCSWD, Barangay Secretariat at iba pa.

Kaugnay nito, nanawagan din si Malapitan sa publiko na patuloy na sumunod sa minimum public health standards upang makaiwas sa pagkahawa sa sakit na COVID.

Sa datos ng City Epidemiology and Surveillance Unit, as of January 1, 2022, nasa 134 ang mga aktibong kaso ng COVID-19 sa Caloocan. **(PIA-NCR)**

Libreng quarantine sa Maynila, tulong ni Yorme sa OFW returnees

LUNGSOD CALOOCAN, (PIA) -- Inalay ng pamahalaang lungsod ng Maynila ang Manila COVID-19 Field Hospital para sa humigit kumulang na 100 nagbabalik bansa na Overseas Filipino Workers (OFWs) na positibo sa sakit na COVID-19.

Personal na sinalubong ni Punong Lungsod Francisco "Isko Moreno" Domagoso nitong Biyernes, ika-31 ng Disyembre, ang 104 OFWs mula sa iba't ibang bansa na siyang binansagang niyang mga bagong bayani. Ayon kay Domagoso, ito ay ang simpleng pagtanaw ng utang na loob para sa mga OFWs na siyang nagbibigay ng malaking tulong para sa ekonomiya hindi lamang sa Lungsod ng Maynila kung hindi maging sa buong bansa.

"Ito ay ang aming pagpapasalamat sa inyo. Alam ko mahirap maging OFW, of all the things and challenges of being an OFW, tapos there is a threat and stress on your job," ani Domagoso.

"Kahit dito man lang masuklian namin ng pagmamalasakit dito sa Maynila na kayo welcome. We will do our best to make you comfortable as much

Pamilya ni Sen. Gatchalian, nagbigay ng tulong sa Palawan

P U E R T O PRINCESA, PALAWAN, (PIA)--Nagbigay ng P3.5 milyong halaga ng bigas ang pamilya ni Senator Win Gatchalian noong Enero 3 para sa mga biktima ng bagyong Odette sa lalawigan ng Palawan.

Bago ito ay nag-ikot muna ang Senador sa mga lugar na sinalanta ng bagyo, partikular na sa bayan ng San Vicente, Roxas at sa barangay Langongan, Puerto Princesa City.

Ayon kay Senador Gatchalian, ang pinakamahalaga ay maibigay ang basic [needs] para may makain ang taong bayan at ang mga pamilyang nawalan ng tahanan.

"Nakita namin talaga ang dala ng pinsalang dulot

as possible," dagdag niya. Kasama ni Domagoso sina Department of Health Secretary Francisco Duque III, Chief Implementer Sec. Carlito Galvez Jr, Bureau of Quarantine Director Dr. Obet Salvador, at Taguig Mayor Lino Cayetano sa nasabing pagsalubong.

Sinigurado naman ni Domagoso ang mga pamilya ng OFWs na ang kanilang mga mahal sa buhay ay nasa mabuting kamay ni Dr. Arlene Dominguez na siyang pinuno ng Manila COVID-19 Field Hospital.

Ang Manila COVID-19 Field Hospital ay may 344 na bed capacity at may mga libreng serbisyo hatid sa mga pasyente katulad ng X-ray, oxygen tanks, mga gamot, pagkain, wifi, at aircon.

"Mararamdaman ngayon ng mga OFW na mahal kami ng bansa namin, mahal kami ng gobyerno namin," ani Domagoso.

Matatandaan na libreng binakunahan rin ng pamahalaang lungsod ng Maynila ang humigit kumulang na 20,000 na OFWs ngayong taon upang tulong silang makalipad sa ibang bansa para sa kani-kanilang mga trabaho. **(Manila PIO/PIA-NCR)**

ng bagyo kaya ang aming pamilya ay nagdonate po ng tulong dito sa Palawan at Puerto Princesa sa pamamagitan ng pagbibigay ng bigas," saad pa ng Senador.

Aniya paunang tulong lamang ito dahil bilang Chairman ng Energy Committee at Basic Education Committee sa Senado ay tutulong rin siya para maibalik agad ang daloy ng kuryente sa mga lugar na nasalanta ng bagyo at makumpuni ang mga nasirang paaralan.

Nagpasalamat naman si Mayor Lucilo Bayron, gayundin si Vice Governor Dennis Socrates na siyang tumanggap ng tulong mula mismo sa senador. **(MCE/PIA-MIMAROPA, PALAWAN)**

Aktibong kaso ng Covid-19 sa Laguna, bahagyang tumaas

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Bahagyang tumaas ang aktibong kaso ng Covid-19 sa lalawigan ng Laguna nitong Martes, Enero 4, batay sa datos na inilabas ng Laguna Provincial Health Office.

Mula sa 25 aktibong kaso ng Covid-19 sa pagtatapos ng taong 2021 ay tumaas ito sa 273 matapos makapagtala ng mga karagdang panibagong kaso ng nakahahawang sakit ang ilang mga lungsod at bayan sa lalawigan.

Kabilang sa mga nakapagtala ng bahagyang pagtaas ng bagong kaso ng Covid-19 ang Santa Rosa City, Calamba City, San Pablo City, at Los Baños.

Kaugnay nito, aabot na sa 100,542 ang kabuuang bilang ng mga tinamaan ng Covid-19 buhat nang mag-simula ang pandemya.

Nasa 97,124 naman ang kabuuang bilang ng mga pasyenteng gumaling mula sa sakit. Samantala, nananatili sa 3,145 ang bilang ng mga pasyenteng pumanaw dahil sa Covid-19.

Nananatili namang Covid-free ang siyam na bayan sa Laguna kabilang ang Sini-loan, Majayjay, Lumban, Pakil, Santa Maria, Mabitac, Luisiana, Magdalena, at Famy.

Kaugnay nito ay patuloy ang panawagan ng pamahalaang panlalawigan ng Laguna gayundin ng mga lokal na pamahalaan sa kanilang mga nasasakupan na patuloy na sundin ang minimum public health standards at magpabakuna laban sa Covid-19.

Sa lungsod ng Calamba na ngayon ay mayroon 64 aktibong kaso ng sakit, hinihikayat ni Dr. Adelino Labro, head ng Calamba City Health Office, ang mga residente na palagiang sundin ang mga health protocols gaya ng pagsusuot ng face mask at palagiang paghuhugas ng kamay upang maiwasan ang pagkalat ng Covid-19.

Sa kanyang panayam sa Radyo Calambeño, hinimok din nito ang mga resi-

dente na kumpletuhin ang bakuna upang ganap na magkaroon ng proteksiyon laban sa sakit lalo't higit sa panahon ngayon na nakaamba ang pagtaas ng kaso dahil na rin sa Omicron variant.

Hinihikayat din ni Dr. Labro ang mga fully vaccinated na magpaturok ng karagdang bakuna o booster shot. Aniya, ang mga indibidwal na nais magpaturok ng karagdang bakuna ay maaaring magtungo sa vaccination site nito sa SM Calamba City.

Ayon kay Dr. Labro, nagkaroon ng bahagyang pagtaas sa mga tinatamaan ng Covid-19 sa lungsod ng Calamba dahil sa maluwag na mobility restrictions sa nagdaang holiday season. — **FC, PIA Laguna**

15M multi-purpose building sa San Jose, pinasinayaan

SAN JOSE, Occidental Mindoro (PIA) -- Pinasinayaan kamakailan sa bayan ng San Jose ang dalawang palapag na multi-purpose building na nagkakahalaga ng P14,969,961.60.

Ayon kay Engr. Edgar Masangkay, tagapamahala ng Municipal Engineering Office (MEO), ililipat sa nasabing gusali ang kanilang tanggapan kasama ang Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) at Municipal Environment and Natural Resources (MENRO).

"Kasama rin namin dito ang Building Permit Section, bilang pagtalima sa atas ng Department of the Interior and Local Government (DILG)," saad ni Masangkay. Aniya, iniutos na nabanggit na ahensya na magkaroon ng kahiwalay na tanggapan ang Building Permit na tatauhan ng kinatawan mula Municipal Planning and Development Office (MPDO), Bureau of Fire Protection (BFP) at Municipal Treasurer's Office (MTO).

Sinabi ni Masangkay na mas maayos na makakapagtrabaho ang mga kawani ng MEO, MENRO at MSWDO sa bagong gusali. Kumpara aniya sa

CHIZ SA DOH: BUHUSAN NG SUPORTA ANG PILOT PROVINCES SA UNIVERSAL HEALTH CARE ACT

Kailangan ng todong pagsuporta ng Department of Health (DOH) ng mga pilot province para sa implementasyon ng Universal Health Care (UHC) Act at kabilang dito ang dagdag-pondo para sa pagsasaayos ng mga primary health care facility at pagsasanay ng mga health worker.

Ito ang sinabi ni Sorsogon Gov. Chiz Escudero kasabay ng kanyang pagbubunyag na hindi lahat ng 33 pilot provinces na kasama sa pagpapatupad ng UHC ay may sapat na pondo para sa kalusugan para magkaroon ng maaasah-

ang health care provider network (HCPN) na siyang hinihingi ng UHC Law.

"Makikita sa pandemic response ng iba't ibang lokal na pamahalaan sa buong bansa kung kaya o handa ba ang isang lokalidad para sa UHC implementation. Ang mga mayor at governor, gusto naman nilang gastusan ang kalusugan ng kani-kanilang nasasakupan pero ang tanong pa rin palagi, may sapat ba silang pera para dito?" ani Escudero.

Sa nakalipas na halos tatlong taon, ang Sorsogon, na isang pilot province, ay tuloy-tuloy sa pagsasaayos ng pundasyon nito ng HCPN at sa katanayan, ISO-certified na ang lahat ng siyam nitong public hospital subalit maraming probinsiya ang naubos ang kanilang pondo para sa paglaban sa COVID-19.

Lumilitaw sa isang pag-aaral ng Asian Development Bank na mahigit kalahati ng lahat ng rural health units sa Pilipinas ay walang kagamitan habang kulang-kulang naman sa tao ang mga district hospital kung kaya napipilitan ang mga pasyente na magpagamot na lamang sa mga private hospital.

"Kapag ganito, talo na agad ang UHC ngayon pa lang. Kung ninanais at desidido ang gobyerno na matiyak ang kalusugan ng lahat ng Pilipino, dapat buhusan talaga nito ng pondo ang ating public health facilities, lalo na iyong unang takbuhan ng mga tao—ang barangay health stations at rural health units. Kahit nakadeveloped na sa LGUs ang health services pero ang totoo nito, hindi pa rin ito gagana kung walang funding support ng DOH," ani Escudero na tumatakbo para sa bagong termino sa Senado. **PR**

MUSIKERO, 11 PA; LAGLAG SA BUY BUST

TINATAYANG mahigit sa P40K halaga ng droga ang nasamsam at pagkakaaresto sa labindalawang hinihinalang tulak kabilang ang isang musikero sa isinagawang magkakahwalay na buy bust operation sa Cavite Martes ng madaling araw.

Sa ulat ng Cavite Police Provincial Office (PPO), sa pagitan ng alas-11:00 ng umaga hanggang alas-2:00 ng madaling araw isinagawa ang buy bust operation sa lungsod ng Bacoor at Gen. Trias at bayan ng Rosario.

Sa Bacoor City, naaresto sina JM Santos, Jessie Capunan at Rebecca Angeles, pawang nasa wastong edad at residente ng Brgy

Salinas 4, sa isinagawang buy bust operation sa naturang barangay dakong ala-1:20 ng madaling araw kung saan narekober ang 6 na gramo ng shabu na may street value na P48,800.

Sa Rosario, isang musikero na si Ace Delos Santos, 38, binata, ng Hacienda Brgy Tejeros Convection; at kasamang si Anthony Go, 40, ang inaresto sa buy bust operation sa naturang barangay dakong alas-11:10 ng umaga. Apat na iba pa ang naaresto sa nasabing lugar.

Sa Gen Trias City, tatlong hinihinalang tulak ang naaresto sa isinagawang buy bust operation dakong alas-2:00 ng umaga sa Brgy San Francisco. **GENE ADSUARA**

Motor vs motor, 1 patay

NASAWI ang motorcycle rider na nakabanggan ang isang motorsiklo na kanyang kasalubong sa Imus City, Cavite Lunes ng gabi. Naisugod pa sa Medical Center Imus Hospital ang biktimgang si Orlanda Ordonez (lalaki), 42, tricycle driver, subalit idineklarang dead on arrival.

Kinilala naman ang driver ng motorsiklong Jiangmen Haojue na nakabanggan nito na si Johnyfer Adante, 34, isa rin tricycle driver.

Sa ulat ni PSSgt Mark Joseph Jader, ng Imus City Police, dakong alas-7:00 ng gabi naganap ang insidente kung saan kapwa binabagtas ng dalawa ang kahabaan ng Carsadang

Bago Road.

Ang suspek ay minamaneho ang Jiangmen Haojue na motorsiklo na may plakang 041204 patungo sa direksiyon ng Medicion habang sa opposite direction naman ang biktima sakay sa kanyang motorsiklong Yamaha Mio Sporty patungo sa direksiyon ng Pag-asa at pagsapit sa nasabing lugar ay nagkabanggan ang mga ito.

Dahil sa malakas na pagkakabangga sa biktima ay tumilapon ito sa semento na nagresulta sa pagkaka-bagok sa ulo at katawan kaya wala ng buhay nang isugod sa ospital. **GENE ADSUARA**

Nabangga ng mini bus, 1 nasawi; 1 sugatan

NASAWI ang 53-anyos na lalaki habang sugatan ang kasama nito nang mabangga ng mini bus habang tumatawid sa Cavite City Martes ng hapon.

Kinilala ang biktima na si Joselito Alarcon, ng 833 R. Basa St., Cavite City na namatay sa pinangyarihan ng insidente habang sugatan ang kasama nito na si Danilo Pinlac, nasa wastong edad.

Hawak ng pulisya ang driver ng mini bus na si Loreto Rosunable, 47, ng 350 Villa Lota, Amaya 1, Tanza.

Sa ulat ni PSMSgt Jona-

than Baclas, ng Cavite City Police, dakong alas-4:45 ng hapon naganap ang insidente. Tumatawid ang mga biktima sa kahabaan ng H. Del Trabajo St., Cavite City nang nabangga sila ng minamanehong mini bus na may plakang DXR 157 ni Rosunable na galing sa P. Burgos Ave patawid ng H. Del Trabajo.

Dahil sa lakas ng pagkakabangga, agad na nalagutan ng hininga si Alarcon habang nasugatan ang kasama nito. **GENE ADSUARA**

Miyembro ng Navy, nalunod

NASAWI ang miyembro ng Philippine Navy (Marines) na nalunod habang nagsasagawa ng basic military scuba diving course sa ilalim ng dagat sa loob ng kampo sa Ternate, Cavite. Isinugod pa sa San Lorenzo Ruiz Hospital ang biktimgang si Private Laurence Pabraquil Remental, 26, tubong Zamboanga Del Norte at estudyante ng Basic Military Scuba Diving Course CI-12, nakatalaga sa 68MC, FRG stationed sa Marine Base Gregorio Lim, Kaynipa Grande, Brgy Sapang 1, Ternate, at residente ng Brgy Goaw, Liloy, Zamboanga Del Norte. Sa ulat ni PSMSgt Andres P Agcaoili, ng Ternate Police Station, dakong ala-11:10 ng umaga ay nagsasagawa ng basic military scuba diving course ang mga estudyante ng PN sa tubig sa Marine Base Camp Gregorio Lim, Kaynipa Cove, Brgy Sapang 1.

Nauna rito, nagsasagawa ang mga estudyante ng underwater knot tying na may 20 feet ang lalim nang umahon ang biktima dahil may lumalabas na dugo sa ilong.

Pinayuhan siya ng kanyang dive instructor na si Corporal Jaime Jimmy Gayosa, Jr. na tuluyan ng umahon sa tubig habang ipinagpatuloy ng iba pang estudyante ang ginagawa. Gayunman, lingid umano sa kaalaman ng instructor ay bumalik ulit sa tubig ang biktima at nagsagawa ng knot tying exercise na natapos umano nito subalit hindi na tuluyang nakaa-hon.

Nagsagawa ng rescue sa katawan ng biktima at isinugod sa ospital subalit namatay habang ginagamot. Inaalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay ng biktima. **GENE ADSUARA**

PRO Mimaropa, nakaplano na sa darating na halalan sa Mayo 9

LUNGSOD NG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA) -- "Ngayong nalalapit na ang panahon ng kampanyahan, nakalatag na po ang aming planong pang seguridad para sa darating na National at Local Elections sa Mayo 9." Ito ang ipinahayag ni PB-Gen Nelson B Bondoc, Police Regional Office (PRO) Regional Director ng Mimaropa sa isinagawang press conference sa tanggapan nito sa Camp Efigenio C Navarro sa lungsod na ito kamakailan.

Ayon kay Bondoc, mag-sisimula ang panahon ng halalan sa unang araw ng kampanyahan ngayong bagong taon, Enero 9 hanggang Hunyo 8. Sa mga panahong ito ay ipinagbabawal na ang pagdadala ng baril sa labas ng tahanan maliban kung ito ay may kaukulang permiso mula sa tanggapan ng Commission on Election (COMELEC).

Hindi na man nagsisimula ang gun ban ay pinaigting na ng kapulisan ang pagsasagawa ng mga checkpoint at chokepoint operation sa mga lansangan at walang humpay na pagpapatroly sa mga lugar na itinuturing na talamak ang krimen. Kasabay din na ipinatutupad sa mga checkpoints ang 'Oplan Bakal/Oplan Sita' upang maiwasan anya ang paglipana ng mga motorcycle riding criminals na nambibiktima ng taongbayan.

Dagdag pa ng direktor, "Sa kasalukuyan, sapat ang

bilang na 6,688 na unipormadong pulis na nakatalaga sa rehiyon ayon sa aming Regional Personnel and Records Management Division at sa Regional Operations Division na kung saan 520 mamamayan ang binabantayan ng isang pulis na malapit na sa pinupuntirang normal na bilang na 500 katao bawat isang pulis."

Samantala, hinggil sa itinuturing na 'areas of immediate concern' o mga lugar na mainit ang pulitika ay kanila aniyang binabantayan ang lungsod ng Puerto Princesa at munisipalidad ng Narra na nasa lalawigan ng Palawan at 15 pang lugar sa Mimaropa na siyang pinagahahandaan ng kapulisan upang mag-ing mapayapa, tahimik at gawing ligtas sa darating na halalan.

Tungkol naman aniya sa mga pulis na kasalukuyang bantay ng mga pulitiko, lahat na naka-detail sa mga pulitiko ay kanila aniyang ire-recall o ibabalik na sa kanilang pinanggalingang unit. Mayroon naman Police Security and Protection Group (PSPG) na kung saan ay maaring humiling ng bantay ang isang pulitiko kung may pahintulot ang Comelec.

"Ngayong 2022, ang mandato ng punong kapulisan sa pamumuno ni Poilice Director General (PDG) Dionardo Carlos ay gawing ligtas, maayos at mapayapa ang darating na pambansa at lokal na halalan ngayong Mayo at patuloy na rin ang

HANEP

Basahin Mo Ito!

KALIBRE



ROMY SANTOS
0977-7844136

Iba-ibang eksena

TUWING unang Lunes sa pagpapalit ng panibagong taon ay nakasanayan na namin ang pag-renew sa business permit ng aming publication.

'Ika nga ay mainam na ang mas maaga keysa 'magpatanghali, magpahapon o magpagabi' pa sa renewal.

Medyo kaunti pa lamang ang mga tao sa Kawit Municipal Hall para sa paglalakad ng renewal o maging sa new business registration.

Kaya naman nitong Enero 3 ay natapos namin ang pagsasaayos ng business renewal ng HANEP Publication.

Pagpapatunay na sadyang maaga o

maagap kami palagi ay 0024 ang plate o ang plaka ng aming publication na inisyu ng munisipyo ng Kawit. Lagpas dalawang oras din bago natapos ang renewal ng munisipyo sa aming publication.

Mapapabilis sana kaya lamang ay nagkaroon ng bahagyang aberya mula sa isang departamento. Parang noong nakaraang taon na medyo bumagal dahil na rin sa isang aberya.

Iba-ibang eksena na mapapakamot ka na lamang sa ulo at titimpi dahil unang Lunes. Ganyan naman 'ata talaga ang sistema kaya nakakaapekto sa proseso.

Bangkay ng lalaki, natagpuan sa madamong lugar

ISANG bangkay ng lalaki na may tama ng bala sa katawan ang natagpuan sa madamong bahagi ng bakanteng lote sa Bacoor City, Cavite Martes ng hapon.

Kinilala ang biktima na si Danilo Garcia, alias "Danica," isa umanong bading at walang permanenteng tahanan.

Iningusong suspek sina Danilo Caparino y Pulioso, ng Salinas 3, Bacoor City; at Geronimo Abrigo ng Salinas 1.

Sa ulat ni Pat. Marco

pagpapaigting ng kampanya laban sa iligal na droga, pagkumpiska sa mga hindi lisensiyadong armas, kriminalidad, insurhensiya at aktibong patisipasyon ng kapulisan sa paglaban sa COVID-19 pandemic lalo na ang pagkakaroon nito ng ibang variant," pagtatanap na mensahe ni Bondoc. **(DN/PIA-OrMin)**

Romero Cupo, ng Bacoor City Police Station, alas-3:00 ng hapon ay natagpuan ang bangkay ng biktima sa Virgo Bukid Dulo sa Brgy Salinas 3, na may tama ng dalawang bala sa katawan.

Sa imbestigasyon, bago natagpuan ang bangkay ng biktima sa nasabing lugar ay sinasabing pina-kialaman umano ng mga suspek ang pinangyarihan ng insidente at tinangkang itago ang tama ng bala sa katawan nito sa pamagitan ng pagtatakip ng damit at jacket saka kinaladkad patungo sa madamong lugar sa bahagi ng isang bakanteng lote.

Nakuha rin sa crime scene ang basyo ng kalibre 45 na baril.

Dagdag pa sa imbestigasyon ng pulisya na narekober sa barong-barong na tinutuluyan ng biktima ang sachet ng hinihinalang droga at mga paraphernalia. **GENE ADSUARA**